



# MGA TOTAL FIRE BAN ANO ANG MGA PATAKARAN?

## SA ISANG TOTAL FIRE BAN (LUBOS NA PAGBABAWAL SA PAGGAWA NG APOY):

- X** walang apoy na maaaring sindihan sa bukas na lugar
- X** suspindido ang lahat ng mga permiso sa paggawa ng apoy. Kabilang dito ang mga incinerator, barbecue (BBQ) at nagpapausok na nagsusunog ng solidong gatong, hal. mga kahoy, uling o heat bead
- X** walang pangkalahatang paghihinang (welding), paghahasa, pag-solder o paghiwa gamit ang gas sa bukas na lugar nang walang iksemsyong inisyu ng Commissioner ng NSW Rural Fire Service.

## KAILAN INAANUNSYO ANG TOTAL FIRE BAN?

Sa Panahon ng Panganib ng Bush Fire, ang desisyon na mag-isyu ng Total Fire Ban ay karaniwang isinasagawa sa hapon bago ang susunod na araw.

Ang Total Fire Ban ay maaaring maisyu sa mismong araw kung magiging mas masama ang lagay ng panahon.

Ang Total Fire Ban ay karaniwang nagsisimula sa hatinggabi at tumatagal sa loob ng 24 na oras.

## UPANG ALAMIN KUNG SAAN MAY IDINEKLARANG TOTAL FIRE BAN:

- bisitahin ang [www.rfs.nsw.gov.au](http://www.rfs.nsw.gov.au)
- tingnan ang taya ng panahon sa [www.bom.gov.au](http://www.bom.gov.au)
- tawagan ang Bush Fire Information Line sa 1800 679 737
- subaybayan ang mga ulat ng panahon sa radyo, telebisyon at social media.



## MAAARI PA RIN BA AKONG MAG-BBQ?

Maaari kang gumamit ng gas o de-koryenteng BBQ, ngunit kung ito lamang ay:

- ✓ nasa isang propyedad na residensyal sa loob ng 20 metro mula sa bahay
- ✓ ito ay nasa inilaang pook ng piknikan at ang BBQ ay aprubado ng Council, National Parks (Pambansang mga Parke) o State Forests (Mga Kagubatan ng Estado)
- ✓ ito ay palaging binabantayan ng isang responsableng nasa gulang na tao
- ✓ ang lupa na nasa loob ng dalawang metro ng BBQ ay walang sagabal na mga materyales na maaaring masunog
- ✓ kayo ay may makukuha agad-agad at patuloy na suplay ng tubig.

## MAY MGA IKSEMAYON BA SA PANAHON NG TOTAL FIRE BAN?

Isang hanay ng mga aktibidad ang maaaring ma-exempt gaya ng:

- pang-emerhensyang trabaho sa imprastruktura
- mga nagpapausok ng bahay-pukyutan (bee hive)
- mga operasyong pangminahan
- paggapas ng tubo (sugar cane)
- mga paputok o pang-seremonyang apoy
- mga hot air balloon.

Ang Commissioner ng NSW RFS ang responsable para sa mga iksemayon sa Total Fire Ban. Ang mga iksemayong ito ay nakadetalye sa [website ng NSW RFS](#) tuwing magdedeklara ng Total Fire Ban.



**ANG PAGPAPARIKIT NG APOY SA ARAW NA MAY TOTAL FIRE BAN AY MAAARING PAGMULTAHIN NG HANGGANG \$132,000 AT/O 14 NA TAONG PAGKABILANGGO.**

Para sa karagdagang impormasyon kung ano ang iyong magagawa upang paghandaan ang bush fire sa panahong ito:



**Website ng NSW Rural Fire Service**  
[www.rfs.nsw.gov.au](http://www.rfs.nsw.gov.au)  
[www.myfireplan.com.au](http://www.myfireplan.com.au)



**Ang pinakamalapit na NSW RFS Fire Control Centre:**



**Linya ng Impormasyon para sa Bush Fire**  
1800 NSW RFS (1800 679 737)